# Ano ang Pagsusuri sa Wika?

## Ang pagsusuri sa wika ay nakakatulong sa mga gurong maunawaan kung ang mga mag-aaral ay may mga kasanayan sa wika na kailangan nila para lubusang makalahok sa silid-aralan.

Gumagamit ang mga mag-aaral ng mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat para matuto ng akademikong paksa, makapagbahagi ng impormasyon, at makapagtalakay ng mga ideya. Ito ang mga kasanayang dapat paghusayin ng mga mag-aaral sa kabuuan ng kanilang edukasyon. Sinusukat ng pagsusuri sa wika ang mga kasanayan ng isang mag-aaral sa lahat ng apat na aspetong ito.

Ang mga mag-aaral na matutukoy bilang mga ELL ay kukuha ng pagsusuri sa wikang English bawat taon.

- Ginagamit ng mga paaralan, distrito ng paaralan, at estado ang mga score sa pagsusuri habang nagpapasya sila kung ano ang ibibigay na mga serbisyo ng suporta sa wikang English.
- Ginagamit ng mga guro ang mga score sa pagsusuri habang nagpapasya sila kung ano at paano tuturuan ang kanilang mga mag-aaral.
- Puwede ninyong gamitin ang mga score sa pagsusuri para subaybayan ang paghusay ng inyong anak sa pag-aaral ng akademikong English at para gabayan ang inyong anak sa paaralan.

Kausapin ang guro ng inyong anak kung kailan ninyo matatanggap ang mga score sa pagsusuri at paano magbabago ang suporta habang natututo ng akademikong wikang English ang inyong anak. Magtanong kung paano nagpapasya ang paaralan ng inyong anak kung kailan hihinto ang mga ELL sa pagtanggap ng suporta sa wika. Kausapin ang mga guro ng inyong anak kung paano ninyo masusuportahan ang pag-aaral ng wika ng inyong anak sa bahay.



### ELL

Ang nag-aaral ng wikang English, o English language learner o ELL, ay isang mag-aaral na may pagkakataong tumanggap ng pagtuturo sa English, bilang karagdagan sa pagkuha ng iba pang klase. Sinusuri ang mga ELL bawat taon para matulungan ang mga gurong maunawaan ang kanilang mga kasanayan sa wika, pero mayroon kayong karapatang tanggapin o tanggihan ang suporta sa wika.

WIDA™

Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA